
	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0011
	Title	PhilHealth Prospective Payment Mechanisms (3PM) for Health Care Provider Networks

Tanong	Sagot
Ano ang health care provider network (HCPN)?	<p>Alinsunod sa Republic Act No. 11223 o Universal Health Care (UHC) Act, ang health care provider network, o HCPN, ay isang grupong binubuo ng mga iba't-ibang antas ng health facility mula sa primary care provider, tulad ng mga health center at rural health units (RHUs), hanggang sa mga ospital.</p> <p>Layunin ng HCPN na pagbutihin ang pagbibigay ng komprehensibong serbisyong pangkalusugan. Sinisiguro nitong nakukuha ng bawat miyembro ang nararapat na mga serbisyo mula sa naaayong health facility o health care provider batay sa pagsusuri at payo ng kanyang primary care doctor.</p>
Ano ang PhilHealth Prospective Payment Mechanisms (3PM) for Health Care Provider Networks?	<p>Ito ang bagong sistema ng pagbabayad sa mga nakontratang HCPN upang magbigay ng mga makabagong benepisyo ng PhilHealth.</p> <p>Sa prospective payments, kukwentahin ng PhilHealth ang buong halaga ng pondong ibabayad nito sa isang HCPN sa loob ng isang taon, batay sa mga serbisyong pangkalusugang ibibigay ng mga health facility na kasapi nito.</p> <p>Bahagi ng pondo ay ibibigay sa HCPN sa simula ng taon bilang frontloaded payment. Ang HCPN ang magbabayad sa mga kasaping health facility ayon sa mga serbisyong naibigay nila sa mga miyembro ng PhilHealth batay sa naaayong benepisyo at sa mga napagkasunduan sa kanilang kontrata.</p> <p>Pagkatapos ng taon, kukwentahin ng PhilHealth ang perang hindi nagamit at ibabalik ito ng HCPN sa PhilHealth (reconciliation o liquidation).</p>
Bakit magbabago ang sistema ng pagbayad ng PhilHealth?	<p>Alinsunod UHC Act, sisikapin ng PhilHealth na pagbutihin ang sistema ng pagbabayad para maiwasan ang mahabang turn-around time sa pagproseso ng claim reimbursements ng mga ospital, health centers, at RHU.</p>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2024-0011
	Title	PhilHealth Prospective Payment Mechanisms (3PM) for Health Care Provider Networks

<p>Sino ang saklaw ng prospective payment?</p>	<p>Ang pangunahing maaapektuhan ay ang mga ospital at health center at iba pang health facility na bumubuo sa HCPN sa mga probinsya kung saan ipapatupad ang naturang bagong sistema ng pagbabayad.</p>
<p>Mag-a-apply ba ang Prospective Payment sa lahat ng mga accredited health facility sa Pilipinas?</p>	<p>Hindi. Bagama't isa ito sa mga reporma ng Universal Health Care Act, ipatutupad muna ito sa mga piling probinsya sa bansa.</p> <p>Subalit, matapos pag-aralan ang epekto ng repormang ito sa pagbabayad, maaari itong ipatupad bilang disenyo ng ibang mga benepisyong ng PhilHealth at posibleng gamitin ng iba pang health facilities sa bansa.</p>
<p>Magkakaroon ba ng pagbabago sa benepisyong matatamasa ng mga miyembro ng PhilHealth?</p>	<p>Inaasahang walang mababago sa kabuuang benepisyong ng PhilHealth na magagamit ng mga miyembrong nakarehistro sa mga probinsya kung saan ipatutupad ang prospective payment.</p> <p>Wala rin dapat mabago sa mga serbisyong medikal na ibinibigay ng mga ospital at health center.</p>
<p>Paano imo-monitor ang paggamit ng pondong ibibiday sa HCPN?</p>	<p>Masusing babantayan ng PhilHealth ang paggamit ng pondong ibinigay sa HCPN gamit ang mga naayong information technology systems. Ibig sabihin, magiging computerized o digital ang pagmo-monitor ng PhilHealth sa paggamit ng pondo.</p> <p>Lahat ng kasaping HCPN ay dadaan sa mga proseso tulad ng reconciliation at/o liquidation para masuri kung tama ang naging paggamit ng pondo.</p> <p>May kapangyarihan din ang Commission on Audit na silipin ang mga record ng HCPN at mga health facilities.</p>